Ang Iyong Impormasyon. Ang Iyong Mga Karapatan. Ang Aming Mga Responsibilidad.

Pinoprotektahan ng batas pederal ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong pangkalusugan, kabilang ang mga rekord ng pasyente tungkol sa substance use disorder (SUD).

Inilalarawan ng paunawang ito ang sumusunod:

- Paano maaaring gamitin at ihayag ang impormasyong pangkalusugan (medikal) tungkol sa iyo,
- Ang iyong mga karapatan kaugnay ng iyong impormasyon sa kalusugan, kabilang ang kung paano ka makakakuha ng access sa impormasyong ito, at
- Paano maghain ng reklamo kaugnay ng paglabag sa privacy o seguridad ng iyong impormasyong pangkalusugan o sa iyong mga karapatan hinggil sa iyong impormasyon.

May karapatan kang makakuha ng kopya ng paunawang ito (sa papel o elektronikong anyo) at talakayin ito sa Providence sa 1-888-294-8455 o PHSSystemintegrity@providence.org.

Pakisuri ito nang mabuti.

Ang Iyong Mga Karapatan

May karapatan kang:

- Kumuha ng kopya ng iyong papel o elektronikong medikal na rekord
- Iwasto ang iyong papel o elektronikong medikal na rekord
- Humiling ng kumpidensyal na komunikasyon
- Upang humiling at makakuha ng mga paghihigpit sa mga paghahayag sa iyong planong pangkalusugan para sa mga serbisyong binayaran mo nang buo
- Hilingin sa amin na limitahan ang impormasyong ginagamit o ibinabahagi namin
- Kumuha ng listahan ng mga taong pinagbahagian namin ng impormasyon tungkol sa iyo
- Kumuha ng kopya ng paunawa sa privacy na ito
- Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo
- Maghain ng reklamo kung sa paniniwala mo ay nilabag ang iyong mga karapatan sa privacy

Ang Iyong mga Opsyon

Mayroon kang ilang opsyon sa paraan ng paggamit at pagbabahagi namin ng impormasyon kapag

ginagawa namin ang sumusunod:

- Pagsasabi sa pamilya at mga kaibigan ng tungkol sa iyong kundisyon
- Pagbibigay ng tulong sa sakuna
- Pagsasama sa iyo sa direktoryo ng ospital
- Pagbibigay ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan
- Pangangalap ng mga pondo
- Pakikilahok sa (mga) Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan (Health Information Exchange, HIE)

Ang Aming Mga Paggamit at Paghahayag
Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo kapag ginagawa namin ang sumusunod:

- Ginagamot ka
- Nagpapatakbo ng aming organisasyon
- Naniningil para sa mga serbisyo sa iyo
- Tumutulong sa mga isyu sa kalusugan at kaligtasan ng publiko
- Nagsasagawa ng pananaliksik
- Sumusunod sa batas
- Tumutugon sa mga kahilingan sa donasyon ng organ at tissue
- Nakikipagtulungan sa isang medical examiner o funeral director
- Tumutugon sa kompensasyon ng mga manggagawa, tagapagpatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng gobyerno
- Tumutugon sa mga kaso at legal na aksyon

Ang Iyong Mga Karapatan

Pagdating sa impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo, mayroon kang ilang partikular na karapatan.
Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang iyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga responsibilidad na tulungan ka. Para gamitin ang alinman sa mga karapatang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa unahan ng paunawang ito.

Kumuha ng kopya ng iyong papel o elektronikong medikal na rekord

- Maaari mong hilingin na makita o makuha ang elektroniko o papel na kopya ng iyong medikal na rekord at iba pang impormasyon sa kalusugan na mayroon kami tungkol sa iyo. Maaari mong hilingin sa amin na magpadala ng elektronikong kopya ng iyong elektronikong medikal na rekord sa isang taong pipiliin mo.
- Magbibigay kami ng kopya o buod ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo, na kadalasang sa loob ng 30 araw mula sa iyong kahilingan, maliban na lang kung may

naaangkop na batayan para tanggihan ang pag-access. Maaari kaming maningil ng makatwirang bayad na nakabatay sa gastos para sa paggawa at pagpapadala ng impormasyon sa iyo.

Hilingin sa amin na iwasto ang iyong papel o elektronikong medikal na rekord

- Maaari mong hilingin sa amin na iwasto ang impormasyon tungkol sa iyo na sa tingin mo ay mali o hindi kumpleto.
- Maaari kaming sumagot ng "hindi" sa iyong kahilingan, ngunit sasabihin namin sa iyo ang dahilan sa pamamagitan ng sulat.
- Kahit na sumagot kami ng "hindi" sa iyong kahilingan, maaari kang magkaroon ng karapatang magsumite ng nakasulat na addendum sa iyong rekord tungkol sa impormasyong sa tingin mo ay hindi kumpleto o hindi tumpak.

Humiling ng kumpidensyal na komunikasyon

- Maaari mong hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng sulat sa ibang address.
- Sasagot kami ng "oo" sa lahat ng makatwirang kahilingan.

Hilingin sa amin na limitahan ang impormasyong ginagamit o ibinabahagi namin

- Maaari mong hilingin sa amin na **huwag** gamitin o ibahagi ang ilang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o aming mga operasyon. Maliban sa nakasaad sa ibaba, hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari kaming sumagot ng "hindi," gaya ng kung makakaapekto ito sa iyong pangangalaga.
- Kung magbabayad ka para sa isang serbisyo o gamit sa pangangalagang pangkalusugan nang buo mula sa iyong sariling bulsa, maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang impormasyong iyon para sa layunin ng pagbabayad o para sa aming mga pakikipagtransaksyon sa iyong insurer sa pangkalusugan. Sasagot kami ng "oo" maliban na lang kung may batas na nag-aatas sa amin na ibahagi ang impormasyong iyon.

Kumuha ng listahan ng mga taong pinagbahagian namin ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo

- Maaari kang humingi ng listahan (accounting) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo sa loob ng anim na taon bago ang petsa ng paghingi mo, kung kanino namin ito ibinahagi, at kung bakit.
- Isasama namin ang lahat ng paghahayag maliban sa mga tungkol sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at ilan pang partikular na paghahayag (gaya ng anumang hiniling mo na gawin namin). Magbibigay kami ng isang accounting sa isang taon nang libre ngunit maniningil kami ng makatwirang bayad na nakabatay sa gastos kung hihingi ka ng panibago sa loob ng 12 buwan.

Kumuha ng kopya ng paunawa sa privacy na ito

- Maaari kang humingi ng kopya ng paunawang ito sa papel anumang oras, kahit na sumang-

ayon kang matanggap ang paunawa sa elektronikong paraan. Bibigyan ka namin kaagad ng kopya sa papel.

Pumili ng isang taong kikilos para sa iyo

- Kung binigyan mo ang isang tao ng medical power of attorney o kung legal na tagapag-alaga mo ang isang tao, maaaring gamitin ng taong iyon ang iyong mga karapatan at maaari siyang gumawa ng mga desisyon tungkol sa impormasyong pinangangalagaan namin tungkol sa iyo.
- Maaari naming tiyakin kung may awtoridad ang tao at maaari siyang kumilos para sa iyo bago kami gumawa ng anumang aksyon.

Maghain ng reklamo kung sa palagay mo ay nilabag ang iyong mga karapatan sa privacy

- Maaari kang magreklamo kung sa palagay mo ay nilabag namin ang iyong mga karapatan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa unahan ng paunawang ito.
- Maaari kang maghain ng reklamo sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Estados Unidos.
- Hindi kami gaganti laban sa iyo sa paghahain mo ng reklamo.

Ang Iyong mga Opsyon

Para sa ilang partikular na impormasyon sa kalusugan, maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga opsyon tungkol sa kung ano ang ibabahagi namin. Kung mayroon kang malinaw na kagustuhan sa kung paano namin ibabahagi ang impormasyon tungkol sa iyo sa mga sitwasyong inilarawan sa ibaba, makipag-usap sa amin. Sabihin sa amin kung ano ang gusto mong gawin namin, at karaniwang susundin namin ang iyong mga tagubilin.

Sa mga ganitong sitwasyon, mayroon ka parehong karapatan at opsyon na sabihin sa amin na:

- Ibahagi ang impormasyon sa iyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang nauugnay sa iyong pangangalaga
- Magbahagi ng impormasyon sa sitwasyon ng pagbibigay ng tulong sa sakuna
- Magsama ng impormasyon tungkol sa iyo sa direktoryo ng ospital

Kung hindi mo masasabi sa amin ang iyong kagustuhan, halimbawa kung ikaw ay walang malay, maaari naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo kung sa tingin namin ay para ito sa iyong ikabubuti. Maaari rin naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo kapag kinakailangan upang mabawasan ang seryoso at napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan.

Sa ilang partikular na pagkakataon, *hindi* namin maaaring ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo maliban kung bibigyan mo kami ng nakasulat na pahintulot. Ang mga sitwasyong iyon ay:

- Pagbabahagi para sa mga layunin ng marketing (kung tinutukoy ang isang aktibidad na “marketing” sa ilalim ng nauugnay na batas)
- Pagbebenta ng impormasyon tungkol sa iyo (kung ang pagbabahagi ng iyong impormasyon

ay tinutukoy na “pagbebenta” sa ilalim ng nauugnay na batas)

- Ang karamihan sa pagbabahagi ng mga tala sa psychotherapy

Sa sitwasyon ng pangangalap ng pondo:

- Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo para sa mga pagsisikap sa pangangalap ng pondo, ngunit maaari mo kaming sabihan na huwag nang makipag-ugnayan muli sa iyo. Para mag-opt out, pakitingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa unahan ng paunawang ito.

Sa sitwasyon ng mga pangkalahatang komunikasyon:

- Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa pangangalagang pangkalusugan gamit ang mga numero ng telepono at email address na ibinigay mo sa amin. Maaari kaming gumamit ng mga automated na phone dialing system, pre-recorded o synthetic na voice message, text o email. Kapag nakipag-ugnayan kami sa iyo sa ganitong paraan, bibigyan ka ng pagkakataong hindi makatanggap, o mag-opt out sa pagtanggap, ng mga katulad na komunikasyon sa mga susunod na panahon. Maaaring kabilang sa aming mga mensahe ang, ngunit hindi limitado sa, impormasyon tungkol sa mga paalala sa appointment, pagpaplano ng paglabas sa ospital, pagsingil, mga paalala sa reseta, mga pagkakataon sa pananaliksik, aming mga produkto at serbisyo, mga alternatibong paggamot, iyong pangkalahatang kalusugan, at mga abiso sa regulasyon. Dahil maaaring hindi naka-encrypt ang mga text at email na ipinapadala namin, may posibilidad na mabasa o ma-access ng ibang tao ang mga mensaheng ito at gagawa kami ng mga hakbang upang malimitahan ang dami ng iyong personal na impormasyon na nasa mga mensaheng ito. Kung hindi mo nais na makatanggap ng mga ganitong uri ng text o mensahe sa email, mangyaring ipaalam ito sa amin, at susundin namin ang iyong kahilingan.

Ang Aming Mga Paggamit at Paghahayag

Alinsunod sa batas, kailangan naming hingin ang iyong pahintulot bago namin gamitin o ibahagi ang iyong personal na nagpapakilala sa iyo na impormasyon sa kalusugan, maliban na lamang kung kailangan naming gamitin o ibahagi ito para sa mga partikular na layunin. Kabilang sa mga layuning iyon ang:

Paggamot sa iyo

Maaari naming gamitin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa mga layunin ng paggamot sa iyo at maaari namin itong ibahagi sa iba pang mga propesyonal na gumagamot sa iyo o tumutulong sa iyong paggamot.

> *Halimbawa: Ang doktor na gumagamot sa iyo para sa isang pinsala ay magtatanong sa ibang doktor tungkol sa iyong pangkalahatang kundisyon sa kalusugan.*

Pagpapatakbo ng aming organisasyon

Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa mga layunin ng mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pagpapatakbo at

pamamahala ng aming organisasyon.

> *Mga halimbawa: Maaari naming gamitin ang impormasyon tungkol sa iyo upang masuri at mapabuti ang kalidad ng aming mga serbisyo sa paggamot, upang maikoordina ang iyong pangangalaga sa iba pang mga propesyonal, upang magbigay ng serbisyo sa customer, at upang makalikom ng pondo para sa aming organisasyon.*

Pagsingil para sa mga serbisyo sa iyo

Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo upang maningil at makatanggap ng bayad mula sa mga planong pangkalusugan o iba pang mga entidad.

> *Halimbawa: Nagbibigay kami ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa iyong plano ng insurance na pangkalusugan upang mabayaran nito ang iyong mga serbisyo.*

Mga operasyon ng mga organized health care arrangement

Ang mga miyembro ng medical staff ng aming mga ospital at mga allied health professional sa ilalim ng isang organized health care arrangement (OHCA) ay maaaring magbahagi ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa isa't isa kung kinakailangan upang maisagawa ang paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan na may kaugnayan sa OHCA.

Paano pa namin maaaring gamitin o ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo?

Pinapayagan kami na o kinakailangan naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo sa iba pang paraan na kadalasang sa mga paraang nakakatulong sa kapakanan ng publiko, gaya ng kalusugan ng publiko at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kundisyon sa batas bago namin maibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo para sa mga layuning ito. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang: www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html**.**

Pagtulong sa mga isyu sa kalusugan at kaligtasan ng publiko

Maaari kaming magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyo para sa ilang partikular na sitwasyon gaya ng:

- Pag-iwas sa sakit
- Pagtulong sa mga pag-recall ng produkto
- Pag-uulat ng mga masamang reaksyon sa mga gamot
- Pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, kapabayaan, o karahasan sa tahanan
- Pag-iwas sa o pagbabawas ng seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

Pagpapadali sa pinakamainam na pangangalaga sa pasyente sa pamamagitan ng (mga) Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan

Sa sitwasyon ng pakikilahok namin sa (mga) panloob na Pakikipagpalitan ng Impormasyon sa

Kalusugan (HIE) at mga panlabas na network ng HIE, na mga grupo ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, mga insurer, at mga ahensya ng pampublikong kalusugan kung saan ang pagbabahagi ng impormasyon ng pasyente ay maaaring magpabuti sa kalidad ng pangangalaga sa pasyente:

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyo sa elektronikong paraan sa mga miyembro ng mga organisasyong ito. Kung magbabahagi kami ng impormasyon tungkol sa substance use disorder sa pamamagitan ng HIE, ang mga entidad na tumatanggap ng impormasyon ay pinagbabawalan sa paghahayag nito sa iba maliban kung pinahihintulutan ng batas.
- Kung ayaw mong ibahagi namin ang impormasyong nagpapakilala sa iyo sa pamamagitan ng mga HIE, maaari kang mag-opt out sa: https://www.provshare.org/health-information-exchange/for-patients/ o sa pamamagitan ng pagtawag sa amin nang walang bayad sa (833) 990-1900. Kung mag-o-opt out ka, maaaring humingi sa amin ang iba mo pang provider ng pangangalagang pangkalusugan ng impormasyon tungkol sa iyo sa ibang paraan sa halip na i-access ang impormasyon sa pamamagitan ng HIE.

Pagsasagawa ng pananaliksik

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon tungkol sa iyo para sa ilang partikular na layunin ng pananaliksik sa kalusugan.

Pagsunod sa batas

Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo kung iniaatas ito ng mga batas ng estado o pederal na batas, pati sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Serbisyong Pantao kung nais nitong makita na sumusunod kami sa pederal na batas sa privacy.

Pagtugon sa mga kahilingan sa donasyon ng organ at tissue

Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga organisasyong kumukuha ng organ.

Pakikipagtulungan sa isang medical examiner o funeral director

Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan sa isang coroner, medical examiner, o funeral director kapag namatay ang isang indibidwal.

Pagtugon sa kompensasyon ng mga manggagawa, tagapagpatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng gobyerno

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo:

- Para sa mga paghahabol sa kompensasyon ng mga manggagawa
- Para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal ng pagpapatupad ng batas
- Sa mga ahensya ng pangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahihintulutan ng batas
- Para sa mga espesyal na tungkulin ng gobyerno gaya ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyong pamproteksyon ng pangulo

Pagtugon sa mga kaso at legal na aksyon

Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang pagtugon sa isang utos ng korte o administrative order, o bilang pagtugon sa isang subpoena.

Pagkuha ng tulong mula sa mga provider ng serbisyo

Maaari naming ihayag ang iyong impormasyon sa kalusugan sa aming mga provider ng serbisyo ("Mga Associate sa Negosyo) na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin at nangangailangan na magkaroon ng access sa impormasyon. Ang lahat ng aming Associate sa Negosyo ay dapat na sumang-ayon, bukod sa iba pang mga bagay, na: protektahan ang privacy ng iyong impormasyon sa kalusugan at gamitin at ihayag lang ang impormasyon upang maisagawa ang mga serbisyong ginagawa ng Associate sa Negosyo.

Impormasyong tinanggalan ng pagkakakilanlan

Maaari naming gamitin ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo upang gumawa ng impormasyong tinanggalan ng pagkakakilanlan, na isang impormasyong dumaan sa isang mabusising proseso upang maging napakaliit lang ng posibilidad na makilala ka mula sa impormasyon.

Mga Espesyal na Kategorya ng Impormasyong Medikal

Susunod kami sa mga pederal na batas at batas ng estado na maaaring mag-alok ng mga karagdagang proteksyon na hindi kasama sa paunawang ito kaugnay ng impormasyon tungkol sa iyo gaya ng mga nauugnay sa mga paggamit at paghahayag ng impormasyon tungkol sa kalusugang pangkaisipan/pang-asal, pag-abuso sa droga at alak, mga pagsusuri para sa HIV at impormasyon tungkol sa pagsusuri sa genetic. Sa ibaba, partikular naming inilalarawan kung paano namin maaaring gamitin at ihayag ang impormasyon tungkol sa iyo na ginagawa o natatanggap namin kung ikaw ay ginagamot sa isang programa para sa substance use disorder (SUD Program).

Pangkalahatang impormasyon sa paggamot ng substance disorder

Kung makakatanggap kami o may pinangangalagaan kami na anumang impormasyon tungkol sa iyo mula sa isang SUD Program na pinamamahalaan ng mga pederal na regulasyon sa substance use disorder ("Mga Panuntunan ng SUD") sa pamamagitan ng isang pangkalahatang pahintulot na iyong ibinibigay para sa paggamit at paghahayag ng iyong mga rekord sa SUD Program para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, maaari naming gamitin at ihayag ang iyong mga rekord sa SUD Program para sa mga layuning iyon gaya ng inilarawan sa paunawang ito. Kung makakatanggap kami o may pinangangalagaan kami na mga rekord mo sa SUD Program sa pamamagitan ng isang partikular na pahintulot na ibinigay mo sa amin o sa ibang ikatlong partido, gagamitin at ihahayag lang namin ang mga rekord sa iyong SUD Program kung hayagang pinahihintulutan sa pahintulot na iyon. Hindi namin gagamitin o ihahayag sa anumang pakakataon ang mga rekord mo sa SUD Program, o ang testimonya na naglalarawan sa impormasyong nakapaloob sa mga rekord mo sa SUD Program laban sa iyo sa anumang sibil, kriminal, administratibo, o lehislatibong paglilitis ng anumang

Pederal, Estado, o lokal na awtoridad, maliban kung (i) pinahintulutan mo o (ii) iniutos ng korte pagkatapos kang mabigyan ng abiso ng utos ng korte.

Pagiging kumpidensiyal ng mga rekord ng pasyente tungkol sa substance use disorder

Nagbibigay kami ng mga SUD Program sa ilan sa aming mga pasilidad. Ang mga rekord ng pasyenteng may SUD na hawak ng mga SUD Program ay protektado ng mga espesyal na probisyon ng Pederal na batas. Ang impormasyon sa ibaba ay ibinibigay para sa mga pasyenteng nasa mga SUD Program, bilang karagdagan sa iba pang seksyon ng paunawang ito na naaangkop sa lahat ng aming mga pasyente.

Ang impormasyon sa seksyong ito ay naaangkop sa impormasyon sa paggamot ng SUD at hindi naaangkop sa impormasyong may kaugnayan sa pangangalagang maaari mong matanggap sa labas ng isang SUD program, gaya ng screening para sa pag-abuso sa droga na maaaring isagawa sa isang emergency department o ng iyong pangunahing doktor sa pangangalaga.

Paano namin maaaring gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon tungkol sa paggamot sa SUD

Ibabahagi namin ang iyong impormasyon tungkol sa paggamot sa SUD sa aming staff kung kinakailangan upang mabigyan ka ng pangangalaga o upang singilin ka para sa mga serbisyo. Sa pangkalahatan, hindi namin maaaring sabihin sa isang tao sa labas ng Mga SUD Program na ikaw ay dumadalo sa isang SUD Program, o ihayag ang anumang impormasyon na nagpapakilala sa iyo bilang mayroon o nagkaroon ng substance disorder maliban sa mga sitwasyong inilalarawan sa ibaba:

Mga pagkakataon kung saan maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa paggamot sa SUD nang walang pahintulot mo:

- Sa mga medikal na tauhan sa isang medikal na emergency
- Sa isang kwalipikadong organisasyon na nagbibigay ng serbisyo sa ngalan namin na sumasang-ayon sa pamamagitan ng sulat na protektahan ang impormasyon sa parehong paraan na kinakailangan naming protektahan ang iyong impormasyon
- Sa mga tagapagpatupad ng batas para mag-ulat ng krimeng ginawa mo, o pinagbabantaan mong gawin, sa aming pasilidad o laban sa aming mga tauhan
- Sa mga serbisyong nagbibigay ng proteksyon sa bata upang iulat ang pinaghihinalaang pang-aabuso at pagpapabaya sa bata ayon sa hinihingi ng batas ng estado
- Sa mga kwalipikadong tauhan para sa pananaliksik
- Sa mga kwalipikadong tauhan para sa pag-audit o pagsusuri ng programa
- **Ayon sa pinahihintulutan batay sa utos ng korte at kasama sa utos na iyon ang subpoena o iba pang legal na mandato na ibahagi namin ang iyong impormasyon. Hindi namin ibabahagi ang mga rekord, o testimonya tungkol sa iyong paggamot sa SUD**

Program, sa anumang sibil, administratibo, kriminal o lehislatibong proseso laban sa iyo maliban kung mayroong partikular na nakasulat na pahintulot mula sa iyo o isang utos ng korte. Kung mayroong utos ng korte, dapat namin itong ipaalam sa iyo at dapat ka naming bigyan ng pagkakataong tumutol.

Sa lahat ng iba pang sitwasyon, hindi namin maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa paggamot sa SUD (sa labas ng aming SUD Program) nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kasama sa mga pagkakataon na maaari mong hilingin na magbigay ng naturang pahintulot ang:

- Kapag nais mong ibahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyong paggamot sa SUD para sa mga layunin ng malawakang pananaliksik.

- Kapag nais mong pahintulutan ang pagbabahagi ng iyong impormasyon sa paggamot sa SUD para sa lahat ng layunin sa paggamot, pagbabayad, at operasyon sa pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap. Ang mga organisasyong makakatanggap ng iyong impormasyon para sa mga layuning ito ay inaatasan ng batas o kontrata na protektahan ang iyong impormasyon alinsunod sa hinihiling ng Pederal na Batas. **Kung pahihintulutan mo ang pagbabahagi namin ng iyong impormasyon, maaari kang magbago ng iyong isip at humiling sa amin sa anumang oras na huwag itong gawin sa pamamagitan ng pagpapaalam sa amin sa pamamagitan ng pagsulat. Kapag natanggap na namin ang iyong nakasulat na abiso na binabawi mo na ang iyong pahintulot, ititigil namin ang anumang pagbabahagi ng iyong impormasyon na mangangailangan ng pahintulot. Gayunpaman, ang iyong pagbawi ng pahintulot ay hindi magpapawalang-bisa sa mga paghahayag na nagawa na namin batay sa pahintulot bago matanggap ang iyong abiso ng pagbawi.**

Ang iyong mga karapatan bilang isang pasyente sa isang SUD program

Mayroon kang ilang partikular na karapatan bilang isang pasyente sa isang SUD program na karagdagan sa mga karapatang pangkalahatang inilalarawan sa paunawang ito.

- Kung magbabayad ka para sa isang serbisyo o gamit sa pangangalagang pangkalusugan nang buo, maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang impormasyong iyon sa iyong planong pangkalusugan.
- May karapatan kang humiling at makatanggap ng ulat ng mga paghahayag na ginawa ng isang SUD Program batay sa iyong pahintulot, sa loob ng hanggang 3 taon bago ang petsa ng pag-uulat. Bukod pa rito, kung nagbigay ka ng pahintulot na ibahagi ang iyong impormasyon para sa paggamot sa pamamagitan ng isang elektronikong pagpapalitan ng impormasyon sa kalusugan (HIE), organisasyon sa pamamahala ng pangangalaga, o iba pang intermediary, may karapatan kang makakuha ng listahan ng mga paghahayag ng intermediary sa nakalipas na 3 taon.

May karapatan kang magpasya na hindi makatanggap ng mga komunikasyon tungkol sa pangangalap ng pondo bago namin ipadala ang mga ito sa iyo. Para mag-opt out, pakitingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa unahan ng paunawang ito.

Mga Kinakailangang Partikular sa Estado

Ang ilang estado ay may mga batas sa privacy na maaaring maglapat ng mga karagdagang proteksyon sa mga paggamit at paghahayag ng impormasyong pangkalusugan. Kung ang isang batas sa privacy ng estado ay mas mahigpit kaysa sa inilarawan sa paunawang ito sa paraan ng paggamit o pagbabahagi namin ng impormasyon tungkol sa iyo, susundin namin ang naaangkop na batas ng estado.

Ang Aming Mga Responsibilidad

- Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang privacy at seguridad ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo.
- Ipapaalam namin kaagad sa iyo kung may naganap na paglabag na malamang na nakakompromiso sa privacy o seguridad ng impormasyon tungkol sa iyo.
- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at kagawian sa privacy na inilalarawan sa paunawang ito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang impormasyon tungkol sa iyo nang bukod sa inilalarawan dito maliban kung magbibigay ka ng iyong nakasulat na pahintulot. Kung magbibigay ka ng naturang nakasulat na pahintulot, maaari mo itong bawiin anumang oras sa pamamagitan ng pagsulat sa amin sa address na ibinigay sa dulo ng paunawang ito. Pakitandaan na kung papahintulutan mo kaming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa ilang partikular na tao o entidad, ang mga tao/entidad na iyon ay maaaring hindi napapailalim sa mga parehong regulasyon sa privacy na nalalapat sa amin, at maaari nilang ihayag sa iba ang impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang:
www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html**.**

Mga Pagbabago sa Mga Tuntunin ng Paunawang Ito

Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng paunawang ito, at ang mga pagbabago ay ilalapat sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo. Ang bagong abiso ay nasa aming website at makukuha kapag hiniling.

Paglalapat ng Paunawang Ito

Sa paunawang ito, ginagamit namin ang mga terminong "kami," "namin," at "amin" upang ilarawan ang Providence, isang non-profit na organisasyon. Inilalarawan ng paunawa ang aming mga kasanayan at ang mga kasanayan ng sumusunod:

- Sinumang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na awtorisadong maglagay ng impormasyon sa iyong rekord.
- Lahat ng departamento at yunit.
- Sinumang miyembro ng volunteer group na pinapayagan naming tumulong sa iyo.
- Lahat ng empleyado, staff, at iba pang tauhan.
- Ang aming Affiliated Covered Entities (ACE) na nasa ilalim ng parehong may-ari o kontrol ng Providence, o kung hindi naman ay affiliated sa Providence.

- Mga miyembro ng medical staff ng aming mga ospital at mga allied health professional sa ilalim ng isang organized health care arrangement (OHCA) kapag nagbibigay ng mga serbisyo sa mga pasilidad ng Providence.

Ang paunawang ito ay nalalapat sa mga serbisyo sa mga lugar ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan na pagmamay-ari ng Providence at ng mga Affiliated Covered Entity na nasa ilalim ng parehong may-ari o kontrol ng Providence.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga organisasyong susunod sa paunawang ito, kabilang ang lahat ng provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa publiko sa lahat ng lugar ng paghahatid nito, ay makikita sa https://www.providence.org/.

Kaugnayan sa mga Pahintulot at Kinakailangan sa ilalim ng mga Pederal at Pang-estadong Batas sa Medikal na Privacy

Ang paunawang ito tungkol sa mga kasanayan sa privacy ay naglalayong magbigay ng paliwanag tungkol sa iyong mga karapatan sa medikal na privacy at sa aming mga responsibilidad sa malinaw at madaling maunawaang salita. Ang mga batas na namamahala sa medikal na privacy ay napakakumplikado. Upang mas madaling mabasa, ibinubuod ng paunawang ito ang aming mga obligasyon at hindi kasama rito ang bawat legal na pagbubukod na maaaring nalalapat. Kung hindi namin naisama ang mga pagbubukod na umiiral sa ilalim ng batas, ang paunawang ito ay hindi dapat basahin na nagsasaad na hindi nalalapat ang mga pagbubukod na iyon. Hindi nilalayon ng Providence sa paunawang ito na gumawa ng mga obligasyon o paghihigpit sa Providence na mas malaki o mas mahigpit kaysa sa mga iniaatas ng batas.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Numero ng Hotline ng Privacy Office Integrity ng Providence: 1-888-294-8455

1801 Lind Avenue SW, Suite 9016
Renton, WA 98057-9016